REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 39**

**BALANGKAS KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA STATION COMMANDER, LT.COL. SILVESTRE ROSAURA NA MAGING "HIGHLY VISIBLE AND IN PROPER UNIFORM" ANG MGA PULIS SA IBA'T-IBANG LUGAR UPANG MAPANGALAGAAN ANG KAAYUSAN AT KATAHIMIKAN SA BAYAN NG MUNTINLUPA.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang pagbibigay ng katahimikan, katiwasayan at kaayusan sa Bayan ng Muntinlupa ay isang pananagutan ng Pamahalaang Bayan lalung-lalo na ng pulisya;

SAPAGKAT, ang mga alagad ng batas na nasa kanilang puwesto at nakasuot ng karampatang uniporme higit lalo sa pagsasaayos ng daloy ng trapiko ay nagsisilbing babala sa mga motorista na may balak lumabag sa batas-trapiko;

SAPAGKAT, ang ganitong pamamaraan at pamamalakad ay magiging isang bagay na babala sa mga taong may nais gumawa ng masama o labag sa batas;

SAPAGKAT, ang unipermadong pulis na nakatalaga sa kanyang destino ay magbibigay ng katiwasayan ng loob sa mga nababahalang mga kababayan natin at madali silang makikilala kung ihahambing sa hindi nakasuot ng tamang uniporme;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ay lubos na hinihiling sa Station Commander, Lt.Col. Silvestre Rosaura na maging "highly visible and in proper uniform" ang mga pulis sa iba't-ibang lugar upang mapangalagaan ang kaayusan at katahimikan ang bayan ng Muntinlupa at hinihiling din na ipatupad kaagad ang kapasiyahang ito sa lalong madaling panahon.

PINAGPASIYAHAN PANG MULI, na bigyan ng sipi ang Superintendent ng Southern Police District na si P/Col. Jesus S. Samson at Brig. Gen. Alexander P. Aguirre ang Commanding General ng Capital Regional Command (CAPCOM) at Direktor ng Metropolitan Police Force.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan sa kanilang pangdalawampu't isang (21st) pangkaraniwang puleng na ginanap noong ika-11 ng Hulyo, 1988.

PINATUTUNAYANG TUTOO:

Atty. JAIME R. FRESNEDI
Pansamantalang Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN : RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Hulyo 11, 1988

RRC:vts